

Nagpasiya si Esther na hilingin sa kanyang asawa, ang hari, na iligtas ang kanyang mga kababayan. Pero nag-alala siya na baka magalit ito. Hiniling ni Esther sa lahat ng Judio na magayuno at manalangin para sa kanya. Pagkatapos ay nagpunta si Esther sa hari. Hindi ito nagalit!



Inanyayahan ni Esther ang hari at ang kanyang kaibigan sa isang hapunan. Sa hapunan, sinabi ni Esther sa hari na *siya* ay isang Judio. Nagalit ang hari na niloko siya ng kanyang kaibigan. Sasabihin niya sa mga Judio na maaari nilang protektahan ang kanilang sarili. Nailigtas ni Esther ang kanyang mga kababayan!